# Impormasyon para sa Pagpaparehistro ng Nakumpletong Bakuna sa Ibang Bansa para sa Ikatlong Pagbabakuna.

## ☐ Buod

- ○ Ang mga dayuhan* na nabakunahan ng COVID-19 mula sa ibang bansa ngunit hindi pa nabigyan ng iksemsyon para sa pagkuwarentenas noong pumasok dito sa Korea ay maaaring makatanggap ng ikatlong dosis sa pagbabakuna sa Korea.

  * (Mga dayuhang nabakunahan sa ibang bansa) simula '21.10.7.~ ang pagparehistro sa mga may hawak na papel ng iksemsyon sa pagkuwarentenas sa taong ito.

- ○ Ang mga nabakunahan ng Sandatahang Lakas ng Amerika sa Korea (USFK- US Armed Forces in Korea)* ngunit nahihirapang irehistro ang kanilang kasaysayan ng bakuna dahil sa pagbabago ng ahensya, gaya ng pagreretiro at iba pang dahilan ay maaari ding magparehistro para sa kasaysayan ng natapos na bakuna

  * (mga nabakunahan sa loob ng Sandatahang Lakas ng Amerika sa Korea) Pagkatapos mairehistro ang kasaysayan ng bakuna sa Sandatahang Lakas ng Amerika sa Korea ay maaaring makatanggap ng sertipiko ng pagbabakuna.

## ☐ Layunin

- ○ Sa pamamagitan ng panukalang ito ang mga dayuhan na nakapagrehistro sa kasaysayan ng kanilang una at pangalawang bakuna ay maaaring makakuha ng sertipiko ng pagbabakuna ng COVID-19 sa ibang bansa (kabilang ang COOV), maaaring makapag-aplay para sa ikatlong pagbabakuna at quarantine pass

## □ Mga Bakunang Maaring Iparehistro

- ○ Tanging ang mga bakunang inaprubahan ng WHO lamang ang maaring mairehistro sa kasaysayan ng nakumpletong bakuna
  - * Pfizer, Janssen, Moderna, Astrazaneca, Covishield(AZ-Serum Institute of India), Sinopharm(Beijing), Sinovac, Covaxin
- ○ Ang mga dayuhang walang papeles na hawak para sa iksemsyon ng pagkuwarentenas ay maaring ipaparehistro ang kanilang kasaysayan ng bakuna pagkatapos makompleto ang ikatatlong bakuna
- ○ Maaari din itong gamitin para hindi makuwarentenas sa tuwing papasok ka muli sa bansa at kapag nakontak ng malapitan ang nagpositibo

## □ Paraan para sa pagpaparehistro

- ○ Ang mga dayuhan na gustong magparehistro ng kanilang kasaysayan ng nakumpletong bakuna sa ibang bansa ay magdala lamang ng ID at sertipiko ng bakuna, bumisita sa malapit na pampublikong sentro ng kalusugan para sa pagpaparehistro.

<Isinalin ng Danuri HelpLine Center 1577-1366>